2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Magalang na Pananalita




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_EsP 2_Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Magalang na Pananalita**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Eloisa A. Elemento |
| **Patnugot:** | Nelson L. Oliva, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Jose C. Tala, Feligena F. Bugay, Ariel C. Lansang, Rosalinda S. Ibarra, Joselita B. Gulapa |
| **Tagaguhit:** | Eloisa A. Elemento, Oliver V. Arevalo |
| **Tagalapat:** | Sweet Hazel E. Dordines, Emmanuel S. Gimena Jr. |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Joselita B. Gulapa, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Ariel C. Lansang, Feligena F. Bugay, Jose C. Tala |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Region III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Magalang na Pananalita

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda upang lubos mong malaman at matutuhan ang mga mabubuting asal na dapat taglayin ng isang batang Pilipino na katulad mo.


Tatalakayin sa modyul na ito ang iba't ibang magagalang na pananalita na napakasarap pakinggan lalo na kung ang mga ito ay gagamitin.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang nakagagamit ng magalang na pananalita sa kapwa bata at nakatatanda. (EsP2P-IId-8)

## Subukin


Panuto: Anong magagalang na pananalita ang dapat mong gamitin sa bawat sitwasyon? Iguhit sa sagutang papel ang simbulo ng iyong sagot.

1.




⇧ Maraming salamat!
⇨ Walang anuman.
⇩ Paalam na sa iyo.
⇦ Hanggang sa muli!

2.




⇧ Tuloy po kayo!
⇨ Kumusta po kayo?
⇩ Makikiraan po.
⇦ Pakiabot po.

3.



⇧ Magandang tanghali po!
⇨ Maraming salamat po!
⇩ Ipagpaumanhin po ninyo.
⇦ Paalam po!

4.



⇧ Magandang umaga po!
⇨ Makikiraan po!
⇩ Ipagpaumanhin po ninyo.
⇦ Paalam po!

5.



⇧ Magandang gabi po!
⇨ Makikiraan po!
⇩ Ipagpaumanhin po ninyo.
⇦ Tuloy po kayo!

# Aralin 1 Magalang na Pananalita

Maraming paraan ng pagpapamalas ng mabuting pakikitungo sa ating kapuwa. Maaaring ito ay sa paraang pasalita. Mahalaga na magamit natin ito sa araw-araw na buhay. Maaari natin itong simulan sa ating tahanan, paaralan at mga kaibigan.

## *Balikan*

Kung ikaw ang nagawan ng kabutihan gaya ng mga ipinakikita sa mga larawan, anong magagalang na pananalita ang iyong itutugon? Pumili ng sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.





- Maraming salamat!
- Mano po!
- Aalis na po ako!
- Kumusta po?

Maraming salamat sa ibinigay mong manyika.

2. ________
________


- Mabuti naman.
- Walang anuman.
- Mahal ang bili ko riyan.
- Ingatan mo iyan.



3. ______________
______________


Kumusta ka! Ako si Sarah.

- Magandang umaga, Sarah!
- Mano po!
- Ikinagagalak kitang makilala Sarah.
- Pasensya ka na Sarah.



Para sa iyo ang
mga tinapay na ito.


4. ____________
____________



- Kumusta po kayo?
- Magandang araw!
- Aalis na po ako.
- Maraming salamat!

5. ______________
______________

Kumusta ka na
JC?




- Mabuti naman ako Carla.
- Paalam Carla.
- Apir tayo Carla.
- Tara maglaro tayo Carla.

## Tuklasin

**Panuto:** Basahin natin ang pag-uusap ng magkapitbahay. Bigyang pansin ang mga magalang na pananalita na kanilang ginamit.

Bagong lipat sa Baranggay Barretto ang mag-inang Lorna at Chary. Isang araw, binisita sila ng mag-inang Aling May at Recca.



Aling May: Tao po! Magandang tanghali po! Ako si May at ito naman ang anak kong si Recca.

Aling Lorna: Magandang tanghali rin sa inyo! Ako naman si Lorna at ito naman ang aking anak na si Chary. Ikinagagalak namin kayong makilala. Tuloy po kayo sa aming munting bahay.

Aling May: Maraming salamat! Kumusta naman kayo rito sa bago ninyong bahay? Sana magustuhan ninyo ang pagtira rito sa ating baranggay. Para sa inyo itong dala naming ulam.

Aling Lorna: Naku! Maraming salamat! Tiyak na magugustuhan ito ni Chary.

Recca: 'Nay, maaari po ba akong maglaro sa labas?

Aling May: Oo sige anak, isama mo si Chary. Ipakilala mo na rin siya sa iyong mga kaibigan.

Recca: Opo 'Nay. Tara na Chary, ipakikilala kita sa aking mga kaibigan.

Chary: Sige, tara na!

Recca at Chary: Paalam po Nanay!

Aling May at Aling Lorna: Mag-iingat kayo mga anak!

Recca at Chary: Opo Nanay!

At masayang lumabas ng bahay ang dalawang bata upang maglaro.

Nagpatuloy naman sa pagkukuwentuhan sina Aling May at Aling Lorna.

**Panuto:** Basahin at sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Paano tinanggap ng mag-inang May at Recca sina Aling Lorna at Chary?
   A. Binisita nila sina Aling Lorna at Chary at binigyan ng bulaklak
   B. Binisita nila sina Aling Lorna at Chary at binigyan ng ulam
   C. Binisita nila sina Aling Lorna at Chary at binigyan ng gamit
   D. Binisita nila sina Aling Lorna at Chary at binigyan ng pera

2. Ano ang sinabi ni Aling Lorna ng bigyan siya ng ulam ni Aling May?
   A. Masarap ba ito?
   B. Maraming salamat! Tiyak na magugustuhan ito ni Chary.
   C. Pasensiya na pero hindi kami kumakain ng ganito.
   D. Wow! Mukhang masarap ang niluto mong ulam.

3. Paano kinaibigan ni Recca si Chary?
   A. Hindi isinama ni Recca si Chary sa paglalaro.
   B. Hindi pinansin ni Recca si Chary.
   C. Isinama ni Recca si Chary sa kaniyang paglalaro at ipinakilala sa mga kaibigan niya.
   D. Pinahiram ni Recca ng laruan si Chary.

4. Alin sa sumusunod na magalang na pananalita ang hindi nabanggit sa itaas?
    A. Magandang tanghali po!
    B. Paalam po Nanay!
    C. Ikinagagalak naming kayo ay makilala.
    D. Pakiabot po!


5. Bakit mahalaga na gumamit tayo ng magalang na pananalita?
    A. Upang maipakita ang paggalang sa kausap.
    B. Upang matuwa ang guro.
    C. Upang maging sikat.
    D. Upang tumaas ang marka.


## *Suriin*

Ang paggamit ng magalang na pananalita ay isang magandang kaugalian ng mga Pilipino na dapat nating panatilihin at ipamana sa mga susunod pang henerasyon.

Ang magalang na pananalita ay maaaring gamitin sa iba't ibang paraan. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga ito ay nagpapakita ng kabutihang asal.

Mapapanatili natin ang kapayapaan, magandang relasyon sa ating kapuwa, at pagtataguyod ng pagkatao kung gagamit ng magalang na pananalita.




Ang nasa itaas ay ilan lamang sa mga magalang na pananalita na ginagamit natin araw-araw sa iba't ibang pagkakataon. Katulad ng "maraming salamat" kung ikaw ay may natanggap na anuman at "paalam po" kung ikaw ay aalis.

# Pagyamanin

**Panuto:** Anong magalang na pananalita ang sasabihin mo sa sumusunod na sitwasyon? Piliin ang titik ng iyong sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Naapakan mo ang paa ng iyong kamag-aral. Ano ang sasabihin mo?
   A. Maraming salamat!
   B. Ipagpaumanhin mo.
   C. Aalis na po ako.
   D. Padaan po.

2. Isang tanghali, nakasalubong mo ang iyong guro, ano ang sasabihin mo?
   A. Magandang umaga po, Sir!
   B. Magandang tanghali po, Teacher!
   C. Magandang gabi po, Ma'am!
   D. Magandang hapon po, Teacher!

3. Nag-uusap ang iyong nanay at tiyahin, gusto mo sanang dumaan. Ano ang sasabihin mo?
   A. Makikiraan po.
   B. Paalam po!
   C. Pakisuyo po.
   D. Tumabi po kayo.

4. Masaya kayong kumakain, nais mo sanang abutin ang ulam ngunit malayo ito sa iyo. Ano ang sasabihin mo?
   A. Pakiabot po ang ulam.
   B. Iabot mo nga sa akin ang ulam.
   C. Alis, aabutin ko ang ulam.
   D. Pahingi ako ng ulam.

5. May dumating kayong bisita, ano ang sasabihin mo?
   A. Tuloy po kayo.
   B. Maraming salamat po!
   C. Makikiraan po.
   D. Kumusta po kayo?



## *Isaisip*

**Panuto:** Ano ang itutugon mo sa bawat sitwasyon? Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Naapakan mo ang paa ng iyong kuya. Ano ang sasabihin mo?
   A. Pasensiya ka na po, kuya.
   B. Makikiraan po, kuya.
   C. Paalam na po, kuya.
   D. Maraming salamat po, kuya.

2. Gusto mong ipaabot ang bola. Ano ang sasabihin mo?
   A. Pakikuha po ang bola.
   B. Pakiabot po ang bola.
   C. Pakibigay sa akin ang bola.
   D. Pakihagis po sa akin ang bola.

3. Aalis ka na. Ano ang sasabihin mo?
    A. Gusto mo bang sumama?
    B. Aalis na ako.
    C. Paalam na po.
    D. Mag-ingat ka.

4. May dumating kang bisita. Ano ang sasabihin mo?
    A. Tuloy po kayo.
    B. Kumusta po kayo?
    C. Masaya po ako na makita ka.
    D. Namiss ko po kayo.

5. Tinanong ka ng iyong tatay, nakapag-aral ka na ba ng iyong aralin?
    A. Tinatamad pa po ako mag-aral.
    B. Opo, nakapag-aral na po ako.
    C. Mamaya na lang po ako mag-aaral pagkatapos kong manood ng TV.
    D. Ayoko na pong mag-aral.

# *Isagawa*

**Panuto:** Ano ang angkop na magalang na pananalita ang gagamitin mo sa bawat sitwasyon? Piliin ang hugis ng tamang sagot mula sa kahon at iguhit sa sagutang papel.

| |
|---|
| ♡ Ipagpaumanhin mo. |
| Tao po! |
| ✚ Magandang gabi po, tiya! |
| ☆ Maraming salamat. |
| ○ *Hello!* Sino po sila? |

1.



Dumating ang iyong tiyahin sa inyong bahay

2.




Kumakatok ka sa pinto at hinahanap mo ang may-ari ng bahay


3.

Binigyan ka ng regalo ng iyong kuya



4.

Nabunggo mo ang iyong kamag-aral



5.

Sinagot mo ang tawag sa telepono




## *Tayahin*


**Panuto:** Anong magalang na pananalita ang dapat gamitin sa bawat sitwasyon? Piliin ang titik ng tamang sagot sa Hanay B. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Binigyan ka ng baon ng iyong kamag-aral. | A. Ipagpaumanhin mo. |
| 2. Hindi sinasadyang natapunan mo ng *juice* ang papel ng iyong kaklase. | B. Maraming salamat! |
| 3. Tinanong ka ni nanay kung naligo ka na. | C. Pakiabot po ang tabo. |
| 4. Ipinaabot mo kay ate ang tabo. | D. Kumusta ka na? |
| 5. Nakita mo ang kaibigan mo na matagal mo ng hindi nakikita. | E. Opo, nanay naligo na po ako. |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahin ang magalang na pananalita na nakasulat sa bawat piraso ng *puzzle*. Sa bawat bilang isulat ang magalang na pananalita na tutugma sa kaparehong hugis. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1.
2.
3.
4.
5.



**Balikan:**

1. Maraming salamat
2. Walang anuman
3. Ikinagagalak kitang makilala
4. Maraming salamat!
5. Mabuti naman ako Carla.

**Tuklasin:**

1. B
2. B
3. C
4. D
5. A

**Pagyamanin:**

1. B
2. B
3. A
4. A
5. A

**Isaisip**

1. A
2. B
3. C
4. A or B
5. B

**Isagawa:**

1.
2.
3.
4.
5.



**Tayahin:**

1. B
2. A
3. E
4. C
5. D

**Karagdagang Gawain:**

1. Maaari po ba?
2. Tuloy po kayo.
3. Magandang umaga po!
4. Walang anuman.
5. Maraming salamat po!

# *Sanggunian*

DepEd Resources et al., "Grade 2 Teachers Guide | K To 12 Curriculum", Deped Resources, 2020, https://www.depedresources.com/grade-2-teachers-guide-k-to-12-curriculum/.

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay- Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. "Grade 2 LM". K12 resources, 2020. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. K12resources.Files.Wordpress.Com. Accessed 14 July 2020. https://k12resources.files.wordpress.com/2013/11/g r-2-esp-tg.pdf

Materials, Teaching, Reading Articles, and Be Contributor. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG To Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph